BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 49 10.00 SEPTEMBER 4 - 10, 2023

# Good vibes lang: Mayora Ganda, Gov Pogi

MARAMING netizen mula sa Genaral Mariano Alvarez (GMA) ang kinilig sa sobrang cute na photo ni Mayora Maricel E. Torres kasama si Gov. Jonvic Remulla.

Sa kanyang social media account, sinabi ni Mayora Ganda na noong Lunes, Setyembre na tumitila ang ulan na ilang oras ay muling bumubuhos ang ulan, at minsan, salitan ang mahina at malakas na hampas ng hanging habagat, maraming GMAIans ang kinulit siya ng tanong kung may pasok ba o wala?

May kumalat pa sa social media na nagdeklara raw na walang pasok sa Cavite.

Wala pa kasing abiso na #Walang Pasok si Gov Pogi kaya upang makasiguro, nagpunta na si Mayor Torres sa Kapitolyo,

"Monday Morning with GoB POGI Jonvic Remulla dahil marami parin ang nag-aantay ng announcement kaya pinuntahan ko po si Gov Pogi at tinanong ko kung ano stand nya at ang sabi ni Gob TULOY ang pasok. Kay pa'no ba 'yan MAY PASOK talaga tayo mga kababayan."

Noong araw na iyon, #Walang Pasok sa Cavite City, Bacoor City, Imus City, Dasmarinas City, Noveleta, Tanza, Kawit, Naic, at Tagaytay City,

Pero masuwerte ang GMA, sabi ni Mayora Ganda, aniya,

" (At) tayo sa GMA magpasalamat po tayo dahil hindi po uso ang baha. Ok!"/**JWBilbao**





## Digong kay Xi: Wag idamay ang Filipinas

See page 2

## Pati CIF ni VP Sara, inokeyan ng Senado

iNOKEYAN ng Senado ang mungkahing Pbp2.385 bilyong badyet ng Office of the Vice President (OVP) at ng Department of Education (DepEd) para sa 2024.

Noong Lunes, Setyembre 4, , umatend si Vice Ptesident sa budget hearing ng Senate Finance Subcommittee na tinalakay ang kontrobersiyal na confidential and intelligence fund (CIF) ng bise presidente.

Sinabi ni VP Sara 'Inday' Duterte -- na nakaupo ring DepEd secretary --na mabubuhay naman siya kahit walang CIF na tinututulan ng ilang mambabatas.

Sa pagdinig, inaprubahan ang Php758.69 bilyong badyet ng DepEd at Php2. 385 bilyon ng OVP.

Kasama sa inokeyan ay ang CIF ng DepEd (Php150 milyon) at ng OVP (Php500 milyon). /**HECAOILE**





MASAYANG ibinahagi ni First Lady Liza Araneta Marcos sa kanyang Instagram ang larawang ito, kasama si Indonesian First Lady Iriana Joko Widodo sa idinaos na Spouses' Program na inihanda ng Indonesian Government noong Huwebes, Setyembre 7,

Kasama ni Presidente Bongbong Marcos si FL Liza sa ginaganap na 43rd ASEAN Summiit sa Taman Mini Indonesia Indah (TMII).

"(I) had a lovely time at the Spouses' Program hosted by Indonesian First Lady Iriana Joko Widodo," sabi ni FL Araneta-Marcos sa kanyang Instagram.

Muling binuksan sa publiko ang TMII -- isang malawak na parke at ika-33 lalawigan ng Indonesia na may sukat na 150-ektarya.

Ipinagmalaki ni FL Iriana Joko Widodo ang katang-tanging likas na yaman at kultura ng Indonesia. **/GENE TAPARAN TAN**

## P25K Jolo Cares Scholarship Grant

MAPAPALAD ang Kabataang Cavitenyo sa Uno Distrito dahil laging bumubuhos ang ayuda sa kanilang edukasyon.

Sa social media page ni Congressman Jolo Revilla, inianunsyo na 100 matatalinong college student ay makatatanggap ng Php25,000 scholarship grant.

Tinawag na Jolo Cares Scholarship Grant, sinabi ni Cong. Revilla na uunahin na mkatatanggap ng Php25K ang unang 100 smart college students na may maipakikitang matataas na "average grade" sa nakaraang semester o taon.

Siyempre, kailangan ang aplikante ay residente ng

See page 5

## Camella Barcelona Phase 1: Thank You Sa Pagtitiwala!

WE would like to thank our Mayor Alex Advincula, Cong. Adrian Jay "AJ" Advincula, Barangay Buhay Na Tubig Kap Ronnie Ramirez and all Barangay Councils Konsi PJ Garcia, Konsi Paolo Acuña, Konsi Marphy Alamo, Konsi Dennis Papa, Konsi Bernie Camet & Konsi Dexter Reyes.

Our Friends from the Seventh day adventist Church Pastor Jonel Mercado & Medical Team Thank you.

Administrator Tito Monzon & Libreng Gupit Team & Sir Jeff Purisima. Thank you.

AIMHAI Federation - Angat Imus Homeowners Alliance, Inc. - Federation. Thank you.

Pres Leng Timtiman our Desk Officer. Thank you po.

CENRO Imus - Ma'am Doris Sagenes

All BNT Street Sweepers who always with us during the trimming of Trees.

Thank you:

Women of Imus Association, Inc.; ANAK-BNT - Asosasyon ng Aktibong Kababaihan; Kiwanis Club & St. James Parish Church;

JJC Imus; PHILSYS; Antii-Violence Task Force (AVTF) guarding the gate at night. Thank You.

At sa mga Homeowners at mga kabataan na tumulong, maraming salamat po.

GENALYN D. NIERVA, graduate of Bachelor of Science in Business Administration major in Accounting at University of Northern Philippines, Vigan, Ilocos Sur, a mom of 3 children and currently Home Owners Association (HOA) president, treasurer of ANAK-BNT - Asosasyon ng Aktibong Kababaihan ng BNT; secretary of Women of Imus and Member of Anti violence Task Force - AVTF.

See page 4

# Carmona City kinilalang pinakamahusay sa pagtanggap ng Pawid Awards 2023




*MASAYANG tinanggap ni Mayor Dahlia Loyola(ikatlo mula sa kanan) ang gawad ng karangalan sa ngalan ng CAYDO na hinirang na pinamahusay na ahensiyang nagtatauyod sa paglinang ng lakas at kakayahan ng Kabataan ng siyudad upang maging katuwang sa mahusay na paglilingkod-bayan.*

MULING pinatunayan ng bagong Lungsod ng Carmona ang kahusayan sa pagkakaloob ng mga kilusang nagbibigay ng lakas sa mga kabataan na maging kabahagi sa paglilingkod sa bayan.

Bunga nito, tumangggap ang Community Affairs and Youth Development Office of Carmona (CAYDO ng prestiyosong Pawid Awards 2023.

Dumalo sa parangal si City Mayor Dr. Dahlia Loyola na sa kanyang mensahe, ipinabatid ang kagalakan sa tinanggap na parangal ng CAYDO.

"Ikinagagalak po natin ang pagkilalang ito dahil ito po magsisilbing motivation sa ating lahat para ipagpatuloy pa ang ating dedikasyon at serbisyong pang-Kabataan," sabi ng alkalde.

Aniya pa: "Itutuon pa natin ang atensiyon sa paglinang ng kakayahan ng bawat kabataanb parasa ikabubuti ng mga susunod pang henerasyon.

Ang parangal na nakamit ng CAYDO ay ang "Most Outstanding Local Youth Development Office in the Province."

Ipinagkaloob sa CAYDO ang natatanging award bilang pagpuri at pagkilala sa naipakitang kahusayan, dedikasyon at mahuhusay na gawaing nagbubunsod na malikha at mapayaman ang lakas ng kabataan sa pahgkilos sa kagalingan ng komunidas sa siyudad.

Ginanap ang paggawad sa Carmona Community Center.

Tanyag ang Pawid Awards sa pagpupugay at pagkilala sa mahuhusay na ahensiya ng lokal na pamahalaan na nakitaan ng mahahalagang ambag sa pagtataguyod ng mabubuting adhika upang mapaunlad ang kilusang magtataguyod sa kabutihan ng mamamayan. **/DomzBCAOILE**

# Digong kay Xi: Wag idamay ang Filipinas



**dating Pangulong Rodrigo 'Digong' Duterte at Chinese President Xi Jinping**

TUNGKOL sa umiinit na away ng China at United States of America (USA) ang pinag-usapan nina dating Pangulong Rodrigo 'Digong' Duterte at Chinese President Xi Jinping.

Sa panayam ng SMNI, isiniwalat ni Duterte na pinakiusapan niya si Xi Jinping na ituon ang away nila ng USA sa kanila lamang, at 'wag idamay ang Filipinas.

Maraming naging espikulasyon sa pakikipagpulong ni Digong kay Xi Jinping na marami sa oposisyon ay nagpakalat ng paninira sa dating pangulo.

Sinabi ni Duterte na kapwa kaibigan ng bansa ang USA at China at kung may awaya sa ekonomya, politika at iba pang larangan, hindi kasali ang Filipinas.

"I humbly told Pres. Xi Jinping, we are not a party in this large conflict between you and the United States," pagtatapat nii Duterte sa panayam sa SMNI.

Totoo mang kaalyado ang USA, hindi ito nangangahulugan na sasamahan ng Filipinas ang America kung magdigmaan sila ng China.

“While we are allied with the US , it does not go beyond starting a war with another country,” sabi ni Duterte.

Ipinaliwanag niya kung siya pa ang pangulo, gagawin niya ang lahat upang hindi masangkot ang Filipinas sa away ng USA at China.

Dagdag ni Duterte, hindi nagsisilbi sa kabutihan ng bansa ang interes ng US.

“I would like to say that, as if I were president, I would not allow my country to be embroiled in a war that is not our won making and of which we have no interest."**/Janeth W. Bilbao**

# Taparan clan tutulungan ni Atty. Konsehal Wakay!

NEXT week, posibleng maipresenta na namin ang petisyon namin na ipaayos naman ang monumento ng Taparan Guerilla Unit na nasa kanto ng Barangay Sabang, sa munisipalidad ng Naic.

Napababayaan na kasi, at parang nakalimutan na ang kahalagahan ng bantayog ng kabayanihan at kagitingan ng bantog na Guerilla Unit na pinamunuan ng aking lolo, Lt. Colonel Esteban Cabase Taparan.

Kasi po, noong first Taparan clan reuinion ng Taparan Clan na inorganize ni Uncle Eliseo "Eli" Taparan II na dinaluhan ni Atty. Councilor Ferdie 'Ding' Wakay ay hinamon niya kami na mag-submit ng isang petition letter na naglalaman ng request na ipaayos ang dambana ng Taparan Guerilla Unit at handa siyang magpasa ng isang ordinansa o resolution para iyon ay maiayos at mapaganda.

Oo nga naman... kung nakapagpapagawa ng magagandang Barangay Multi-Purpose Hall o basketball court, bakit hindi pondohon ang bantayog na iyon na sagisag ng heroism ng magkakapatid na Taparan at mga kasama sa mandirigmang magbuwis ng buhay kaya nailigtas ang maraming bata, kabataan, babae, lalaki at matatanda noong panahon ng Hapones.

Saka, alam nyo ba na ang lolo ni Atty. Ferdie Wakay ay bayani ng digmaan?

Sa bahay sa Barrio Halang ni Lolo Meliton Wakay, kasama ang Taparan brothers, Mayor Arenas at maraming iba pa unang pinag-usapan ang pagtatatag ng kilusang gerilya laban sa Hapones.

Nga pala, love na love ng marami si Kuya Ding Wakay kasi, laging open ang puso niya sa pagtulong, lalo na sa mga may legal problem at nagbibigay siya pro bono



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

services sa mahihirap,

Sayang at last term na niya as municipal councilor, at pag kumandidato ang 'First Lady' na dati ring konsehal Ate Vicky Lara Wakay, ay kaming buong Taparan clan ay todo ang gagawin naming suporta.

Hindi pa man, maraming-maraming salamat po, Atty. Konsehal Ding Wakay!

Sa next issue ay tatalakayin ko ang mga Nakalimutang Bayani ng Naic.

@@@

Iba talaga ang ating bagong ACT-CIS partylist Congressman Erwin Tulfo na mula sa media at dating DSWD secretary.

Ang unang tatlong priority bills niya, ay para sa kagalingan ng mga solo parent na tulad ko, mga taong may kapansanan o persons with disabilities (PWDs), mga seniors at iba na sabing pabiro at pakutya, mga dugyot!

Noong siya ang DSWD secretary, personal, kita ng dalawang mata niya, naramdaman ni Sir Erwin ang ang kaawa-awang kalagayan ng mga tao at pamilya na halos, 20 kahig na, kumbaga sa manok, ay wala pang matuka.

Saka noong aktibo pa siya sa media, madalas na hinihingian ng tulong si Rep. Erwin ng mga taong walang-wala sa buhay, madalas ay biktima pa ng kaapihan.

E ngauong siya ay mambabatas na, ayaw ni na maging api-apihan ang mga tulad kong solo parent. kapos na araw-araw na pangangailangan sa buhay, madalas pang napakakaitan ng hustisya at laging api-apihan.

Sa Solo Parent Act,marami ang hindi nabibigyan ng P1000 monthly allowance ang mga solong nanay o tatay lalo na samga nakatira sa malalayo at liblib na barangay.

Nais ni sir Erwin, rebyuhin ang batas at maayos ang implementing rules and regulations (IRR) ng Republic Act (RA) 118611 or the Expanded Solo Parents Welfare Act of



Atty. Councilor Ferdie Wakay

2021.

Saka sa panahong ito, kapos, maliit ang P1000 allowance at may mga LGU na kulang ang pera para makapagbigay magbigay ng ayudang pera, kaya ang request ni Sir Erwin, i-subsidize at lakihan mul sa pondo ng ng DBM (Department of Budget and Management).

Nga pala, kinukumusta po kayo Sir Erwin ni Uncle Eli na ilang ulit na naging katuwang nyo sa pagnininong sa binyag ng mga media men sa Cavite, tulad ng kapwa yumao nang Manila Bulletin correspondent Del Villanueva at Remate at Journal corress Jun Valdecantos.

Mabuhay po kayo, Sir Erwin, at magmensahe lang sa sarfia926@gmail.com


# Bureau-Crazy talaga!



DSWD Sec. Rex Gatchalian

SABI po, utos pala ng ating beloved President Bongbong Marcos Jr. ay bawsan ang taba ng gobyerno, ibig sabihin, magbawas ng dami ng opisyal at kawani, lalo na kung nakabibigat lang at ng appointment ay gawa ng utang na loob sa politika.

Ito ang malaking problema ng masipag na



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

bagong Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Rex Gatchalian na ayon sa nahalungkat natin sa baul, bundat na bundat ang ahensiya niya ng halos tatlong dosena ( ) undersecretary at undersecretary at assistant secretary.

Aba, sa sahod lang at allowances ng mga "taba" ba ito, daang-daang milyon na, puwera pa ang mga regional at assistant regional director, mga provincial director at plantilla positions at mga job order employees.

Sa kakalikot ko sa website ng DSWD, nakalista na mayroon itong 10 undersecretary at 21 assistant secretary na kamangha-mangha ang trabaho.

Eto sila, ayon sa kanilang website: 1. Edward Justine R. Orden: Undersecretary for General Administration and Support Services; 2. Monina Josefina Romualdez: Undersecretary for Operations; 3, Diana Rose Cajipe: Undersecretary for Disaster Response Management; 4. Adonis Sulit: Undersecretary for Policy and Plans; 5. Denise Florence Bernos-Bragas: Undersecretary for Standards and Capacity Building;

6. Vilma Cabrera: Undersecretary for National Household Targeting System and Pantawid Pamilyang Pilipino Program; 7. Alan A. Tanjusay: Undersecretary for Special Concerns, and for Inclusive and Sustainable Peace; 8. Eduardo Punay: Undersecretary for Innovations; 9. Rowena Taduran: Undersecretary for Legislative Coordination and External Affairs; 10. Fatima Aliah Dimaporo: Undersecretary (appointment announced on July 28, 2023).

Basic pay ng isang USec ay Php189,199 monthly (salary grade 30); at Php167,432 monthly salary (salary grade 29) naman sa assistant secretary, ito ang mga pangalan:

1. Romel M. Lopez: Assistant Secretary for Social Welfare and Development; 2. Rodolfo M. Santos: Assistant Secretary for Policy and Plans; 3. Irene Dumlao: Assistant Secretary for Legislative Affairs; 4. Juan Carlo Marquez: Assistant Secretary for Development Assistance; 5. Ivy Grace Rivera: Assistant Secretary for Administration;

6. Janus Siddayao: Assistant Secretary for Finance; 7. Gary Politico: Assistant Secretary for Policy and Plans; 8. Janet Armas: Assistant Secretary for Standards and Capacity Building; 9. Marlon Alagao: Assistant Secretary for Disaster Response Management;10. Florentino Loyola Jr.: Assistant Secretary for Specialized Programs;

11. Ada Colico: Assistant Secretary for Statutory Programs; 12. Paul Ledesma: Assistant Secretary for Regional

See page 6

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Camella Barcelona...

from page 1

Inspite of her public sevice, community service, she is currently working at Ahnex Builders & Ready Mix Corporation, Ahnex Group of Companies as Compliance Audit, Pollution Control Officer & Safety Officer for almost 12 years.

Inspite of her busy schedule at work and being the HOA president with the help of her Vice President, Treasurer, Secretary, Auditor & Board of Directors, the following are their accomplishment, activities, improvement of Barcelona Phase 1.


CAMELLA BARCELONA PHASE 1 HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC.
CAMELLA BARCELONA PHASE 1
Brgy. Buhay na Tubig, City of Imus, Cavite

RESULTS OF ELECTION CONDUCTED LAST MARCH 20, 2022 AT COVERED COURT
CAMELLA BARCELONA PHASE 1 HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC.


GENALYN D. NERVA — PRESIDENT
OLIVIA GUTIEREZ — VICE PRESIDENT
BUEMEE L. UNDALOC — SECRETARY
JULIET L. ANTOLIN — TREASURER
ELIZABETH MAGDAEL — AUDITOR
PAUL C. NAVALES — BOARD OF DIRECTOR
ROLANDO ACANTO — BOARD OF DIRECTOR

## For 1 year & 5 months

The following were the activities -- Projects & Improvement of Camella Barcelona Phase 1 Homeowners Association, Inc. Board of Directors/Officers:

1. Electrical Maintenance & Cabinet @ Guardhouse
2. Libreng Gupit with the help of Administrator Tito Monzon
3. Installation of Lighted Signage - Welcome to Barcelona Phase1, 2 & 4
4. Maintenence at Covered Court - replacement of Roof and welding works.
5. Maintenance at Gate, playground, covered court (grasscutting) with the help of Barangay Buhay Na Tubig.
6. Medical Mission - Twice with the help of our Friends from Seventh-day adventist Church & Medical Team-free check up, free medicine & Vitamins.
7. Sanib Pwersa sa Bakuna - Mobile Vaccination
8. Phylsis National ID & Distribution of Phylsis ID.
9. Cutting of Big Tree @Germany Street - unsafe to homeowners
10. Financial Assistance to a Bereaved Family of a homeowner.
11. Declogging of Drainage with the help Barangay BNT
12. Landscaping @ Gate Circle
13. Supported Barcelona Uno Players for their Jersey Uniform.
14. Gift Giving and Distribution of gift pack
15. Isang Kanin - Isang Ulam Birthday celebration of Cong. Adrian Advincula
16. Installation of additional Street Lights
17. Distribution of Hygiene Kit & Storytelling for kids with JJC IMUS
18. Installation of 3 Seesaw & 3 Swing at playground
19. Installation of CCTV. Thank you Barangay Buhay Na Tubig.
20. Soon Renovation of Clubhouse & Rehabilitation of Covered Court.

Thank You Po sa Pagtitiwala!!!




# P25K Jolo Cares...

from page 1

Unang Distrito -- mula sa munisipalidad ng Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City,

Kailangang nag-aaral sa kahit saang Kolehiyo o Unibersidad na may mataas na grado an mag-aaral na nais mapasama sa Jolo Cares Scholarship Grant.

Minsanan lang ang kaloob na Php25,000 sa mapipiling unang 100 na matatalinong estudyante, sabi ng kongresista.

Ito ang mga rekisito na kailangang maipresenta ng aplikante sa Scholarship Grant:

- A Filipino citizen (residing in District 1 of Cavite: Kawit, Noveleta, Rosario and Cavite City)
- Enrolled in any first undergraduate degree this First Semester, AY 2023-2024
- Must not be a recipient/grantee/ beneficiary of any national government-funded scholarship or educational grant except the Free Higher Education program
- Highest General Weighted Average (GWA)

Mga dokumentong kailangan:

- Certificate of Registration/Enrollment
- Certificate of Indigency as proof of income issued by the Punong Barangay of the applicant's residence

Sabi pa sa post ni Cong. Revilla, maaaing magsumite ng aplikasyon sa ONLINE REGISTRATION sa TOP 100 SMART STUDNETS LINK na ito: https://forms.gle/1XySzgg6q8ZeHyEm8

Matapos na mapili ang unang 100 top smart students, pipili uli ng susunod na mbibigyan ng Jolo Cares Scholarship Grant sa mga kabataang Cavitenyo sa Distrito Uno./ **GENE TAPARAN TAN**







# Serbisyong libreng pustiso sa mga residente ng GMA

KAYGAGANDANG ngiti na ang naipamamalas ng maraming residente ng bayan ng General Mariano Alvarez (GMA)!

Ganoon na lamang ang pasasalamat ng daan-daang GMAians na noong Agosto 23-25-26, at 29 nang maiayos ang pagkakabit ng libreng pustiso na bahagi ng Libreng Pustiso Program ng pamahalaang lalawigan ng Cavite.

Kaugnay nito, labis na nagpasalamat ang nakatanggap ng bago at walang bayad na pustiso kay Cavite Gov. Jonvic Remulla at sa mga opisyal ng provincial health office dahil naipakikita na ang kanilang kaygagandang ngiti.

Sinabi ng Office of the Provincial Information Officer (OPIO), isa lamang ang Pibreng Pustiso program sa napakaraming libreng serbisyong medikal na ipinagkakaloob ni Gov. Remulla.

Mayroon ding ayudang iskolarship, tulong pinansiyal sa mga kapos sa buhay at iba pa ang ipinagkakaloob ng pamahalaang lalawigan sa patuloy na kalinga at pagmamahal ni Gov. Remulla sa mga kababayang Caviteno. **/Janeth W. Bilbao**



# PRIDE OF GMA!

CONGRATULATIONS!

Malugod na binati ni General Mariano Alvarez (GMA) Mayor Maricel E, Torres ang isang magaling na GMAian na nahirang sa isang mataas na posisyon sa pambansang pamahalaan.

Tinukoy ni Mayor Torres si retired police Colonel Gil T. Torralba -- na bagong talaga bilang Deputy Director General ng Bureau of Corrections (BOC).

"Isa na namang kahusayan ang pinamalas ng mga GMAnian sa larangan ng serbisyo publiko. Muling pinagkatiwalaan ang isa natin kababayan upang mamuno sa BOC bilang Deputy Director," sabi ng alkalde ng GMA.

"Congratulations and saludo po ako sa inyo, police Colonel Gil!"

Sa larawan, nanunumpa sa kanyang bagong tungkulin si Deputy Director Torralba sa harap ni Justice Secretary Jesus Crispin 'Boying' Remulla. **/DBC**





# Abiso, anunsiyo sa publiko!

**DAHIL malapit nang sumapit sa unang taon ng publication business ang BantayBalita, nag-aalok ang patnugutan ng BIG DISCOUNT sa mga anunsyong tulad ng:**

*** Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication * Correction in Live Birth * Affidavit of Loss * Commercial Ads placement *Obituary * Events Announcements.**

**For controversial issues that need public clarifications, announcements and/or publications, legal assistance and for ads and notices that needs promotional releases, layout and quotation, may you please contact domzcaoile@yahoo.com and taparaneliseo@gmail.com us for inquiries.**

# Amendahan ang Rice Tarrification Law



ni Janet W. Bilbao

KASUNOD ng ilang araw na implementation ng Executive Order No. 39 ni Presidente Bongbong Marcos, marami sa small retailers ang nagsara pansamantala ng kanilang tindahan, at sa mga nakausap natin, sinabi nila na malulugi sila kung ibebenta nang mas mura sa pagkabili nila sa rice traders ang tindang bigas.

May ilang sumunod sa utos -- Php41 /kilo ng ng regular milled rice at Php46 naman sa well-milled rice.

Deparment of Agriculture, ano'ng klaseng bigas ba ang regular milled at well milled rice?

May mga reklamo na yung nabili nilang 41 peso kilo na bigas, may amoy na, madilaw-dilaw at parang sa pagkain ng baboy at hindi sa tao.

Ito namang Department of Trade and Industry (DTI), may balita na gagawa raw sila ng paraan upang matulungan ang rice traders na maaapektuhan ng EO ni PBBM, ay nakupo... bakit hindi unahin ang karaniwang Pinoy na matulungan.

Magtulungan ang DTI at DA na i-subsidize ang presyo ng bigas para hindi malugi ang small retailer; palakasin ang National Food Administration (NFA) na nawalan ng poder gawa ng Rice Tarrification Law na naging dahilan na nakopo ng rice cartel ang importation ng bigas.

O magpanukala sa Senado at Kongreso na amyendahan o ibasura na ang Rice Tarrification Law na nagpahirap sa ating magsasaka ng palay.

Samantala, may utos na magbuo ng Local Price Coordinating Council sa bawat LGU na susuportahan ng DTI, DA at ng Philippine National Police (PNP) para sa mas mahigpit na compliance sa EO 39.

Sa totoo lang po, alam ng LGU kung saan naroroon ang mga bodega na iniimbakan at pinagtataguan ng imported rice na dahilan ng pagtaas ng presyo ng mga mapagsamantalang traders.

Kung bakit hindi nasasalakay ang mga bodegang ito, alam na natin ang sagot.

@@@

MAY nagtanong: lahat daw po ba ng district representative sa Cavite ay mayroong scholarship program para sa mahihirap pero matatalinong kabataang mag-aaral?

Sa'n daw bang district office maaaring lumapit ang mga magulang at anak nila na nais mag-avail sa scholarship program?

Kasi, sa social media, masipag si 1st District (Kawit, Noveleta, Cavite City, Rosario) Congressman Jolo Revilla sa pagbibigay ng educational assistance sa kanyang mga scholars pero sa ibang district, wala silang alam.


7th District Congressman Ping Remulla

Ang bago po bang 7th District Congressman Ping Remulla ay mayroong scholarship program, kasi marami matatalinong estudyante ang nais makapagtapos sa kolehiyo pero sa kahirapan, di makapagpatuloy ng pag-aaral.

Sana raw po, magbukas ng scholarship program si Rep. Remulla para dun makalapit ang mga estudyante na qualified naman na mabigyan ng tulong sa pag-aaral.

Sana raw po, magbigay ng abiso o announcement si Cong. Remulla, kasi marami sa taga 7th district e hindi po alam kung saan lalapit o pupunta.

Maraming salamat po kung maiaanunsiyo po sa social media o sa local newspaper sa Cavite ang detalye kung paano makapag-a-avail ng scholarship grant ang matatalino at masisipag na estudyante ng 7th District.

Mabuhay po kayo, Rep. Remulla!

## Strengthening Chemical Safety: DOST PCIEERD, ADMU Launch 7-Day Training for PNP Personnel On the Fundamentals of Chemical Safety and Safety Data

A 7-day Basic Training Course for Philippine National Police (PNP) Personnel on the Fundamentals of Chemical Safety and the Safety Data Sheet (SDS) was held recently which was spearheaded by Ateneo de Manila University (ADMU) led by Dr. Fabian M. Dayrit, Project Leader, and funded by the Department of Science and Technology Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) in partnership with the Integrated Chemists of the Philippines (ICP) and the Philippine National Police (PNP).

The hybrid training has been delivered both face-to-face at Camp Crame and online via Zoom to participating PNP units, held at DOST Regional Offices.

The main objective of the 7-day training was to enhance the knowledge of PNP personnel regarding chemical safety and the SDS focused on controlled chemicals. It also aimed at improving the management of controlled chemicals to fulfill security and safety needs, as well as the needs of stakeholders.

This weeklong training holds significant benefits for the community, as the PNP will gain insight into hazardous chemicals, learn how to prevent accidents involving explosive chemicals, and minimize health risks for both individuals and the larger community.

Overall, nearly 200 individuals from across all regions will attend this nationwide seven-day training.

In Region 02, the seminar was attended by ten (10) individuals: seven (7) PNP personnel led by Police Major Rexer Louie C. Malingan, and three (3) DOST 02-Regional Standards and Testing Laboratory Analysts led by the Regional Director (RD) Virginia G. Bilgera through Ms. Freedom Faye Verzola Bulauan, a registered Chemist.



## Bureau-Crazy...

from page 3

Operations;13. Marites Maristela: Assistant Secretary for the National Household Targeting System; 14. Evelyn Macapobre: Assistant Secretary for the Pantawid Pamilyang Pilipino Program; 15. Arnel Garcia: Assistant Secretary for Inclusive-Sustainable Peace and Special Concerns;

16,. Ulysses Hermogenes Casimiro Aguilar: Assistant Secretary for Community Engagement; 17. Baldr Bringas: Assistant Secretary for Innovations; 18. Glenda Relova: Special Assistant to the Secretary for Centers and Residential Care Facilities (Assistant Secretary rank) 19. Julius Exequel Gorospe: Chief Information Officer; 20. Elaine Fallarcuna: Office of the Assistant Secretary for Office of the Secretary (OSEC) – Concerns (Assistant Secretary rank); and 21. Ana Maria Paz B. Rafael: Assistant Secretary for Partnerships Building and Resource Mobilization.

Ay hiningal ako sa pagbabasa, dami nila na nagkukumpol-kumpol sa maraming de-aircon na opisina at siguro, may pakotse pa at may driver pa, at may pa-travel, representation allowances pa sila, plus bonuses, etcetera, etcetera.


Hindi lang po sa national government nangyayari ang bundat na political appointees, minamahal kong readers, kasi po, ganun din sa local government units (LGUs) na pati ang labandera. hardinero, caregiver ng mga anak ng ating honorables ay nasa payroll ng munisipyo, siyudad, at maging sa barangay.

Upang maipasok sa gobyerno ang mga political appointees, magpapasa lang ng resolution o ordinansa creating sa isang opisina o department para maiupo ang napangakuang iuupo sa panahon ng kampanya.

O kaya naman, ilalagay sa naval department (palutang-lutang lang sa opisina) ang mga hepe o tauhan na kalaban o kinaiinisan ng nakaupong opisyal.

Ay, nakakaloka talaga itong atinng gobyerno, kaya pala ang tawag sa English ay Bureau-Crazy,upssss, teka po, mga bossing sa Social Security System (SSS), aba kailan ko makukuha ang claim ko bilang beneficiary ng anak kong namatay na miyembro nyo?

Nakumpleto ko na ang rekisitos at sobrang tagal na ang ipinaghintay ko, aba, baka abutan na ako ng huling paghinga, e sabi ni Senadora Imee Marcos, "Aanhin pa ang damo, kung patay na ang kabayo?" (arzmedia777@yahoo.com)




## ERRATUM

THIS IS TO CORRECT THE ENTRY MADE ON AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH ABSOLUTE SALE OF THE ESTATE OF AUGUSTINA HUERTO DEL ROSARIO AND ALARCON DEL ROSARIO, THAT THE CORRECT NAME AND SHOULD BE READ AS AUGUSTINA HUERTO DEL ROSARIO AND ANGEL ALARCON DEL ROSARIO

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON ELIAS AVIÑANTE SANCHES With Deed of Absolute sale

Notice is hereby Given that the estate of the late **ELIAS AVIÑANTE SANCHES** Who Died on April 7, 2013 at bilog Alfonso, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA- 01-0007- 00024 Situated in brgy. Bilog, Alfonso, Cavite ( 2,586 ) SQM. Extra judicially settled among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan under DOC. No.488 page no. 99 book No. II Series of 2023 notarized date September 01, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby given that the estate of the late **Bernard Dig-igBugnalen** who died on April 05, 2012 in Antipolo City and **Jericho PacupiaBugnalen** who died on September 06, 2021 in PGH, Manila, left a parcel of land covered by Certificate of Title No. 1114012 situated in Blk 7 Lot 20 Springville South-1, Molino 4, Bacoor City, (117) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Chris Noel A. Bendijo under Doc. No. 132 Page No. 27 Book No.XI Series of 2022, Notarized date: October 07, 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF VIRGINIA M. PULIDO

NOTICE is hereby Given that the estate of the late **CESAR R. PULIDO and VIRGINIA M. PULIDO** Who Died on January 21, 2019 and January 24, 2002 Respectively in California, U.S.A Left a parcel of Land Covered by transfer certificate TITLE T- 63928, Situated in Sanja Mayor, Tanza, Cavite ( 39,467 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS, Executed before Atty. EARL ALFRED H. REYES under DOC. No. 146 Book No. 31 page no.VI Series of 2023 notarize Date: August 10, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 28, SEPTEMBER 4 & 11, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE LEONORA ANTIPORDA

Notice is hereby Given that the estate of the late **LEONORA ANTIPORDA** Who Died on November 17, 2022 at tondo Manila, Left a parcel of Land covered By transfer certificate title No. 158308 Situated in brgy. Salitran, Dasmariñas, Cavite ( 297 ) SQM. transfer certificate title No. 451879 Situated Bo. Anabu Mun: of Imus ( 150 ) SQM. transfer certificate title No. 11794 Situated in brgy.San Jose pasay city ( 441 ) SQM. transfer certificate TITLE No.14348 Lot 2-A-1 containing an area of ( 8.4 ) SQM. Lot 2- C - 1 containing an area of ( 3.2 ) SQM. Lot 2-B-1 containing an area of ( 14 ) SQM. transfer certificate TITLE no.14348 Situated in San Rafael, pasay city, 3/4 portion of an area of ( 339 ) SQM. Certificate TITLE no. 131864 Situated in brgy. Balara, caloocan province of Rizal Lot 319 transfer certificate TITLE no. RT-7254 ( 75010 ) of the registry of Deeds Quezon city, ( 600 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before atty. JOONE RANDYL, E. REVERA under DOC. No.188 Book no. 39 page no. XI Series of 2023 notarize Date July 24, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Josefina Purificacion Genova,** who died on July 12, 2018 in Pasong Buaya, Imus City left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. T-536640 issued by Registry of Deeds Province of Cavite situated in Imus City, Cavite (187) sqm extra judicially settled among the legal heirs executed before notary public Atty. Oliver P. Agustin under Doc. No. 510 Page No. 103 Book No. 32 Series of 2022. Notarized date: October 21, 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **Eulalio Reyes dela Rea,** who died on March 1, 1981 in Manila and ErlindaRecuter who died on January 30, 2018 in Quezon left a parcel of land covered by Certificate of Title No. P-3757situated in San Vicente, Silang, Cavite, (410) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Rolando G. Campos under Doc. No. 200 Page No. 41 Book No. 08 Seriea of 2023. Notarize date: August 31, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON NARCISA CABADIN NUÑEZ

NOTICE is hereby Given that the estate of the late **NARCISA CABADIN NUÑEZ** Who Died on June 02, 2021 at General trias city, Cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 057-2013025552 Situated at Brgy. Pasong kawayan 2 Gen. Trias City, Cavite ( 572 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed Before notary public atty. Elpidio M. Paligutan, under DOC. No. 387 Page no.79 Book no. II Series of 2023 Notarized Date: May 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 28, SEPTEMBER 4 & 11, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **ROSARIO DILIDILI AMPOSTA,** who died on May 10, 2023 in the City of Imus left a properties as Stated Below:

| STOCK HOLDER NAME | STOCK CERTIFICATE No. | No. of SHARE | COMPANY NAME |
|---|---|---|---|
| ROSARIO AMPOSTA | N-1009 | 349 | CAVITE MEDICAL CENTER |
| ROSARIO AMPOSTA | DDAA56684 | 33 | MANILA ELECTRIC COMPANY |
| | DDA409563 | 29 | |
| | DDA 052404 | 16 | |
| | DDA 014953 | 8 | |
| | DDA 00552 | 20 | |
| | DDA 509122 | 38 | |
| | DDA 289748 | 33 | |
| | DDA 094798 | 22 | |
| | DDA MEK0649477 | 19 | |

| NAME OF BANK | ACCOUNT NAME | ACCOUNT No. | AMMOUNT |
|---|---|---|---|
| METRO BANK | ROSARIO DILIDILI | 001-639-000 | ₱ 618,078.63 |
| | AMPOSTA or MILDRED, BERNARDO RAON or DELORES VILLANUEVA CAMACLANG | 000036392-0702 | SHARE OF ROSARIO AMPOSTA ₱ 206,026.21 |
| METRO BANK | JOSE SOLOY DENOY or ROSARIO DILIDILI AMPOSTA or EUFROSINA LUPIRA ORTIZ | 001-639-000 0000363941-5768 | ₱ 91,702.53 |

Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Brian Moy R. Toman Under DOC. No. 181 Page No.38 Book No. II Series of 2023 Notarized Date: August 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF PEDRO DIMAPILIS

Notice is hereby Given that the estate of **PEDRO DIMAPILIS** Who Died on March 01, 1982 at Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite Left a parcel of Land Situated in Castaños cerca, Gen.E.Aguinaldo,Cavite covered by Tax Declaration No.AA- 06-000900423 (3.2444) Hectares.EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal Heirs, Executed before notary public atty, Elpidio M. Paligutan under DOC.no.340 page no.69 book no.III Series of 2023 notarized Date AUGUST 08, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 21, 28 & SEPTEMBER 4, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **MARIANO R. QUION** Who Died on May 14,1999 at T.F.G.H.Tanza Cavite and **FRANCISCA N. QUION** Who Died on November 20, 2012 at veterans medical Center, north Avenue Diliman, Quezon City Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE no.EP-131 of Registry of Deed Cavite Located at Pasong kawayan 2, Gen Trias Cavite ( 22,716 ) SQM. Transfer certificate TITLE No.132 of Registry of Deeds Cavite ( 479 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs Executed before notary public atty. Ma.Majalia F. Alvaro under DOC.No. 384 page no. 78 Book no. XIX Series 2015 notarized Date: December 11, 2015

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 21, 28 & SEPTEMBER 4, 2023**

# SGMAI holds school orientation






***From left: Sir Domz Caoile, BantayBalita publisher; Ms. Agrifina Miraflor, SGMA administrator; Madam Myra Miraflor, SGMA president/CEO; Ms Neri Carada Azuela, SGMAI principal and editorial cnsultant/editor Sir Eli Taparan.***



***Trending Reading Operation Manager Jose Alex Masbano is explaining to an unnamed teacher the importance of the new books to enchance reading comprehension to students.***

SAINT Gilbert Myra Academe, Inc. (SGMAI) held its school orientation last August 28 2023, and at the same time welcoming its new Principal. TThe said activity was full of enthusiasm on the part of the administrators, teaching force, staff, parents, guardians, guests and students.

Myra Miraflor-Magnin, the president and chief executive officer (CEO) and school directress spearheaded the program with an atmosphere of soft and consoling tone of voice expressing her opening remarks . She reiterated that the success of the students lie on the partnership of parents and teachers There must have a teamwork between parents and school to fulfill their desire in honing students innate talents.

In addition to that, she mentioned and gave emphasis on the mission, vision and the core values of the school, assured that their children's stay in SGMAI would be meaningful and enjoyable with teachers' assistance, love and corcern.

Engineer Gilbert Magnin, the chief oerating officer (COO) andbetter half of Ma'am Myra delivered also some inspiring words regarding the values to promote and the importance of Learning Delivery System. The School Organization were presented from the school COO, Sir Gilbert , Ma'am Myyra as the CEO, Sir Peter Miraflor as vice president, Mrs. Agrifina Miraflor as the school secretary, the non teaching staff and the teachers as well.

The Master of Ceremony, Teacher Ana Paula Poblador introduced the new principal in the person of Mrs. Neri C. Azuela ,an educator, a former college professor and public school teacher. The new principal hailed from Alaminos Laguna but grown and studied in Valenzuela City Metro Manila.

Ms. Azuela finished her Masters Degree at University of Caloocan and his Doctorate Degree at EARIST Cavite Campus. She explained the school policy, code of conduct, dress code etiquette, enrolment contract and most importantly, she emphasized the proper use of gadgets and awareness in utilizing social media.

She explained very well the content of the vision of the school being excellent initiator of learning that produces God-fearing, responsible, well rounded, happy and fulfilled person and its readiness for the globally competitive future. At the end of her talk, she mentioned Aristotle quotes which says "Educating the mind, without educating the soul is no education at all"

Subject teachers and class advisers were also introduced to students and parents familiarization.. From the NKP Department -- Teacher Giselle Marciano, Teacher Myrafe Macraeg and Teacher Mary Ann Lagarto;

Elementary Department --Teacher Jayson Perido, Teacher Jerica Bescoro, Teacher Belinda Cofino and Teacher Ana Paula Poblador and High School Department -- Teacher Dea Dadacay, Teacher Jayson Ugat and Teacher Marilyn Madeja who is also the Head Teacher.

Ms. Fe Llantino and Ms. Emma Solis who have their expertise in the record section were also introduced as well as the school guard and over all maintenance in the person of Mr. Christopher Llantino.

There were also some guests who shared their expertise about choosing the best reference or books to be used this school year and at the same time gave some inspiring words to the parents . They gave some books and educational materials through raffle tickets. All the attendees enjoyed that momentous event because this was the first time a raffle was made in a school orientation.

Kudos to Ma'am Myra and Sir Gilbert!

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 49 10.00 SEPTEMBER 4 - 10, 2023




## Menudong Imus, kain na tayo!

**IMUS City – Kilala ang Barangay Malagasang sa masarap ng luto ng Menudo.**

**Naiiba ang nakatatakam na lasang kasama sa mainit-init na kanin!**

**Natikman na namin ang Menudo sa Leilani, at talaga namang masarap kaya happy tummy lagi kami sa kainang ito na, sabi ng marami, hala, tara, sugod na tayo.**

**Open na mahusay na serbisyo mula alas 2 ng hapon hanggang alas 10 ng gabi.**

**https://maps.app.goo.gl/85RfypHA3un7hABK8?g_st=ic**